REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 16-328

**KAPASIYAHAN NA IPINAGKAKALOOB ANG AKREDITASYON NG SOUTH MUNTINLUPA TAXI ORGANIZATION, INC., NA MATATAGPUAN SA BLOCK 4, LOT 1, ILANG-ILANG STREET, BARANGAY ALABANG.**

************************************************************

Ipinanukala nina:

***Kgg. Kon. Ringo A. Teves***
***Kgg. Kon. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Kon. Bal Niefes***
***Kgg. Kon. Stephanie G. Teves***
***Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga***
***Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, MD***
***Kgg. Kon. Alexander B. Diaz***
***Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo***
***Kgg. Kon. Luvi P. Constantino***
***Kgg. Kon. Inhr. Neptali S. Santiago***
***Kgg. Kon. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Kon. Rafael T. Sevilla***
***Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday***
***Kgg. Kon. Robert A. Abas***
***Kgg. Kon. Robert P. Baes***

************************************************************

**SAPAGKAT,** Alinsunod sa *Seksiyon 34* ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, ***"tungkulin ng Lokal na Pamahalaan na itaguyod ang pagtatatag at operasyon ng mga pangmamamayan at di-pangpamahalaang samahan upang maging aktibong kasangga sa paghahangad ng local na awtonomiya"***;

**SAPAGKAT,** isinasaad ng ***Kautusang Panlungsod Bilang 01-024*** na kinakailangang kumuha ng akreditasyon ang mga may-ari, namamahala at nagmamaneho ng mga pampublikong sasakyan na naghahanapbuhay sa loob ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang **SOUTH MUNTINLUPA TAXI ORGANIZATION, INC.,** ay isang samahan na naglalayon ng serbisyong pang-transportasyon sa mga mamamayan na bumibiyahe sa Lungsod ng Muntinlupa, matapos itong makakuha ng prangkisa sa *Land Transportation Office Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB)*;

**SAPAGKAT,** ang **SOUTH MUNTINLUPA TAXI ORGANIZATION, INC.,** ay sumasang-ayon, sumusunod at di lumalabag sa mga probisyon ng ***Ordinance No. 05-040***, na inamyendahan ng ***Ordinance No. 06-093*** ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** ang samahan ay nagsumite ng kumpletong dokumento na hinihingi at kinakailangan ng nasabing ordinansa para sa akreditasyon;

**SAPAGKAT,** ang akreditasyon ng **SOUTH MUNTINLUPA TAXI ORGANIZATION, INC.,** ay magsisimula sa petsa ng pagpapatibay ng resolusyon na ito at magkakabisa ng ***tatlong (3) taon***;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Website: www.muntinlupacity.gov.ph
Telefax No.: 861-0181

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng akreditasyon sa **SOUTH MUNTINLUPA TAXI ORGANIZATION, INC.,** ay bilang pagkilala lamang ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa kanilang samahan at di-pagbibigay pahintulot upang maging ganap ang kanilang layunin nang walang mga kaukulang dokumentong ipinagkakaloob ang **Land Transportation Office-Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB)** para sa operasyon ng pangtransportasyong serbisyo;

**NGAYON DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN,** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na ipinagkakaloob ang aplikasyon para sa akreditasyon ng **SOUTH MUNTINLUPA TAXI ORGANIZATION, INC.,** na matatagpuan sa **BLOCK 4, LOT 1, ILANG-ILANG STREET, BARANGAY ALABANG.**

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI**, na mabigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang nasabing samahan.

**PINAGTIBAY,** ng 7th *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **ika-22** ng Pebrero, 2016, sa ginanap na ika-**115** ***Regular na Sesyon***.

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I:**

**KON. Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Miyembro*

**KON. BAL NIEFES**
*Miyembro*

**KON. STEPHANIE G. TEVES**
*Miyembro*

**KON. LOUISITO A. ARCIAGA**
*Miyembro*

**KON. RINGO A. TEVES**
*Miyembro*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD**
*Miyembro*

**KON. ALEXANDER B. DIAZ**
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. MA. DHESIREE G. AREVALO**
*Miyembro*

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**
*Miyembro*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



**KON. INHR. NEPTALI S. SANTIAGO**
*Miyembro*

**KON. ELMER S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. RAFAEL T. SEVILLA**
*Miyembro*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. ROBERT P. BAES**
*Miyembro*

**LIBAN:**

**KON. MGGL. RAUL R. CORRO**
*Miyembro*

**KON. CELSO C. DIOKO**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Asosasyon ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*

**PINATUTUNAYAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* FEB 29 2016

***Norie/7th SP***

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Website: www.muntinlupacity.gov.ph
Telefax No.: 861-0181